

PRAYER

- Ihayag ang kapangyarihan ng Diyos sa buhay mo, at ialay ang mga plano at kinabukasan mo sa Kanya. Pasalamatang Siya sa Kanyang kabutihan at katapatan sa iyo.
- Hingin sa Diyos ang tapang at kakayahan na maipangaral ang ebanghelyo sa pamilya, kaibigan, kamag-aral, at mga katrabaho mo. Maniwala sa Diyos para sa kanilang kaligtasan.
- Ipanalangin na mabigyan ng kaluwalhatian ang Diyos sa buhay mo at maitaas ang Kanyang pangalan, at na maging bukal sa kalooban mo na iwanan ang maginhawang kalagayan upang maipahayag ang ebanghelyo.

NOTES

ALL ACCESS

Humayo Sa Buong Daigdig

WARM-UP

- Masasabi mo ba na ikaw ay mahilig makipagsapalaran o ika'y maingat? Bakit? Ibahagi ang isang pagkakataon na makapagpapaliwanag nito.
- Ibahagi mo ang pinaka hindi mo malilimutang bakasyon. Bakit ito naiiba?
- Paano ka tumutugon kung ang mga nangyayari sa paligid mo ay hindi naaayon sa plano mo? Bakit?

WORD

Binasbasan niya sila at sinabi, "Magpakarami kayo para mangalat ang inyong mga lahi at mamahala sa buong mundo. At pamahalaan ninyo ang lahat ng hayop."

GENESIS 1:28

Ang layunin ng Diyos sa mundo sa simula pa lang ay ang pangibabawan ito ng Kanyang kaluwalhatian. Gayunman, minsan ay mayroon tayong mga pansariling plano, kaisipan, at layunin. Sa halip na paluwalhatian natin ang Diyos ay mas minamarapat pa natin na lumagay sa maginhawang kalagayan na lang sa ating kasalukuyang katayuan. Paano natin maisasakatuparan ang layunin ng Diyos, maiiwasan ang ganitong kalagayan na may kakulangan, at pagpasyahang sumunod sa Kanya kahit pa nangangahulugan ito ng paglabas sa kung anuman ang nakasanayan na natin? Tignan natin ngayon ang dalawang pagkakaiba na makakatulong sa atin upang sundin ang layunin at mga plano ng Diyos hindi lamang para sa ating sarili, kundi maging sa mga bayan sa mundo.

1 Plano Ko Laban sa Plano ng Diyos

Ngayon, sinabi ng mga tao, "Magtayo tayo ng isang lungsod na may tore na aabot sa langit . . ." **GENESIS 11:4**

Sa pagsasawalang bahala sa plano ng Diyos na pangibabawan ang buong mundo ng Kanyang kaluwalhatian, tinangka ng sangkatauhan na magtatag ng isang lungsod kung saan sila pwedeng manirahan. Ang iisa nilang wika (Genesis 11:1) ang nagbigay sa kanila ng kakayahan na magkaroon ng mas malakas na pagkakaisa. Subalit, ang plano ng Diyos ang nanaig—ipinangalat sila ng Diyos sa iba't ibang bahagi ng mundo (Genesis 11:8). Ang sangkatauhan ay napilitang umalis sa lungsod na kanilang itinatag upang pagharian ang buong mundo na ibinigay sa kanila ng Diyos (Genesis 9:1). Ang plano ng Diyos para sa atin ay ang magtiwala at umasa sa Kanya, hindi ang mabuhay nang pansarili. Balikan ang panahon na nagdesisyon kang magtiwala sa mga plano ng Diyos sa buhay mo. Ano ang nangyari? Ano ang natutunan mo sa karanasang ito?

2 Pangalan Ko Laban sa Pangalan ng Diyos

". . . para maging tanyag tayo at hindi mangalat sa buong mundo." **GENESIS 11:4**

Ang layunin ng tao sa pagtatatag ng bayan ay ang *maging tanyag* at mapaluwalhatian ang kanilang mga sarili, pati na ang kanilang mga pambihirang nagawa. Hindi nila sinunod ang utos ng Diyos na mangalat sa buong daigdig at sakupin ito (Genesis 1:28; 9:1). Gayunman, kailangan nating tandaan na pinarangalan ng Diyos si Jesus at *binigyan ng titulong higit sa lahat ng titulo* (Mga Taga-Filipos 2:9).

Sa halip na atupagin lamang ang ating sariling karangalan, ang dapat nating layunin ay ang makilala Siya habang isinasantabi ang ating sariling mga plano at reputasyon para sa Kanyang layunin at sa kapahayagan ng Kanyang pangalan. Bakit natin dapat ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng bansa? (Mga Taga-Filipos 2:10,11)

APPLICATION

- Ayon sa Mga Kawikaan 19:21, *Marami tayong mga pinaplano, ngunit ang kalooban pa rin ng Panginoon ang masusunod*. Nagtiwala ka ba sa Diyos sa mga plano Niya para sa buhay mo? Magagawa mo bang magdesisyon ngayon na isuko ang buhay at mga plano mo sa Pagkapanginoon ni Cristo?
- Sa paanong paraan ka tinatawag ng Diyos na iwanan ang maginhawa mong kalagayan? Ano ang unang hakbang mo upang hindi manatili sa lugar na mas mababa sa plano ng Diyos, at sa halip ay sumunod nang ganap sa Kanya? Ibahagi ang isang bagay na maaari mong gawin simula ngayon.
- Ano ang mga humahadlang sa iyo upang ipangaral ang ebanghelyo sa mga nakapaligid sa iyo? Paano mo ito mapagtatagumpayan? Ano ang gagawin mo upang sumunod sa utos ng Diyos nang may pananampalataya simula ngayong linggo?